# LUNSOD NG SAN DIEGO

## Proposisyon B

(Ang proposisyon na ito ay lilitaw sa balota sa sumusunod na anyo.)

---

**PROP B**

**SUMUSUSOG SA SALIGANG BATAS PARA ATASAN ANG KONSEHO NA MAGHARAP SA MGA BOTANTE NG MGA PAGSUSOG SA SALIGANG BATAS SA ELEKSIYON NG HUNYO 2010 KAUGNAY NG MALAKAS NA ALKALDENG PORMA NG PAMAMAHALA.** Susususugan ba ang Saligang Batas upang atasan ang Konseho ng Lunsod na magharap sa mga botante sa eleksiyon ng Hunyo 2010 ng mga pagsusog sa Saligang Batas na gagawang permanente sa Malakas na Alkaldeng porma ng gobyerno; magdadagdag ng isang puwesto sa Konseho; at, kapag napuno ang pangsiyam na puwesto, damihan ang mga botong kailangan ng Konseho upang pawalang saysay ang isang botong beto ng alkalde?

---

Ang proposisyon na ito ay nangangailangan ng pag-apruba ng isang simpleng mayoriya o nakararami (higit sa 50%) ng mga botanteng bumoboto sa proposisyon.

Ang iminungkahing pagsusog sa saligang batas ay sumusunod sa pangangatwiran.

## OPISYAL NA TITULO AT BUOD

MGA PAGSUSOG SA SALIGANG BATAS KAUGNAY SA PAGIGING PERMANENTE NG MALAKAS NA ALKALDENG PORMA NG PAMAMAHALA. Aaprubahan ba ng mga botante ang isang pagsusog sa Saligang Batas upang atasan ang Konseho ng Lunsod na magharap sa mga botante sa eleksiyon ng Hunyo 2010 ng mga pagsusog sa Saligang Batas na gagawang permanente sa Malakas na Alkaldeng porma ng gobyerno; magdadagdag ng isang puwesto sa Konseho; at, kapag napuno ang pangsiyam na puwesto, damihan ang mga botong kailangan ng Konseho upang pawalang saysay ang isang botong beto ng alkalde?

## WALANG PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD

Kasaysayan. Sa loob ng 75 taon ang Lunsod ng San Diego ay mayroong isang Konseho-Tagapamahala na porma ng gobyerno, kung saan ang isang siyam na miyembrong ibinotong Konseho ng Lunsod, kabilang ang isang Alkalde, ay namahala at nagtakda ng patakaran para sa Lunsod, at ang isang Tagapamahala ng Lunsod ay gumanap bilang Pinunong Opisyal na Tagapagpaganap, nagpapatakbo sa mga gawaing pang-araw-araw.

Noong Nobyembre 2004, inaprubahan ng mga botante ang isang limang-taon na panahon ng pagsubok na magsisimula ng Enero 1, 2006 upang subukan ang isang kakaibang kayariang tinatawag na Malakas na Alkalde, o Alkalde-Konseho, na porma ng pamamahala. Sa pormang ito ng pamamahala, ang ibinotong Alkalde ay hindi na isang miyembro ng Konseho, kundi ay gaganap bilang ang Pinunong Opisyal na Tagapagpaganap ng Lunsod, na mananagot sa pagpapatakbo ng mga gawain ng Lunsod.

Sa loob ng pagpapatakbong panahon ng pagsubok, ang Konseho ay isang kinatawang walong-miyembro at ang Alkalde ay maaring mag-atas sa Konseho na pag-isipan ang karamihan sa mga usaping kanyang ipinapasa (mga ordinansa, mga resolusyon, at mga pagbabago sa badyet) sa pamamagitan ng paggamit ng isang beto. Maaring pawalang saysay ng Konseho ang beto ng Alkalde ng parehong bilang ng mga botong kailangan upang ipasa ang usapin. Karamihan sa mga usapin ay nangangailangan ng limang mga boto ng walong mga miyembro ng Konseho upang pumasa, kahit na ang ibang mga usapin ay nangangailangan ng anim na mga boto.

Ang Artikulo XV, seksiyon 255 ng Saligang Batas ay nagsasaad na ang limang-taon na panahon ng pagsubok ay mananatiling may saysay hanggang Disyembre 31, 2010, kung saang panahon ang Artikulo ay pawawalang bisa, magbabalik sa gobyerno sa kanyang dating porma na Konseho-Tagapamahala.

Mungkahi. Ang Konseho ng Lunsod ay nag-awtorisa ng isang proposisyon ng balotang naghahanap ng pag-apruba ng botante upang susugan ang Artikulo XV, seksiyon 255 ng Saligang Batas ng Lunsod ng San Diego. Kung maangkin, ang pagbabagong ito ay mag-aatas sa Konseho ng Lunsod na maglagay ng nag-iisang

panukala sa balota sa eleksiyon ng Hunyo 2010 para pagpasiyahin ang mga botante kung: 1) ang Malakas na Alkaldeng porma ng gobyerno ay dapat maging permanente simula sa Enero 1, 2011; 2) dadamihan ang bilang ng mga distrito ng Konseho ng Lunsod mula walo sa siyam kaugnay sa susunod na proseso ng muling pagdidistrito ng Lunsod pagkatapos ng pambansang senso sa 2010; at 3) dadamihan ang bilang ng mga boto ng Konseho na kailangan upang pawalang saysay ang beto ng Alkalde sa dalawa't-ikatlo ng siyam na miyembrong Konseho, pagkatapos na mapuno ang ikasiyam na puwesto sa Konseho ng eleksiyon. Sa panahong ito, anim sa siyam na mga boto ang kakailanganin upang pawalang saysay ang mga usapin na ipinasa ng Konseho sa pamamagitan ng lima o anim na mga boto.

## PAHAYAG NG TAMA SA PANANALAPI

Ang pag-apruba sa panukalang ito ay mangangailangan ng paglalagay ng isa pang panukala sa balota sa 2010. Ang halaga sa Lunsod ng paglalagay ng isang panukala sa balota ay magbabago sa bawat eleksiyon, ngunit maaring umabot mula $300,000 - $1,000,000. Kung ilagay sa balota sa 2010, ang panukalang ito ay magbibilang ng isang pahayag ng tama sa pananalapi tungkol sa mga halaga ng pagpapairal sa mga mungkahi.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON B

### BIGYAN ANG MGA BOTANTE NG KARAPATANG GAWING PERMANENTE ANG MGA REPORMA

Ang Proposisyon B ay magpapanatili sa pangako na pahihintulutan ang mga botanteng gumawa ng isang permanenteng pasiya sa sistema ng Malakas na Alkalde sa 2010. Sa Proposisyon B, ang mga botante ay magpapasiya tungkol sa kinabukasan ng San Diego.

### IPAGPATULOY ANG SISTEMA NG MALAKAS NA ALKALDE

Inaprubahan ng mga botante ang isang 5-taon na pagsubok sa Malakas na Alkaldeng porma ng gobyerno noong 2004. Hangga't di inaprubahan ang Proposisyon B, ang inangkin na mga reporma ng Malakas na Alkalde ay awtomatikong matatapos – na muling magpapairal sa sistema ng Tagapamahala ng Lunsod na nauwi sa kagipitan ng pananalapi ng San Diego.

Ang ating ibinotong Alkalde – hindi hinirang na tauhan – ang direktong mananagot sa mga botante at mga nagbabayad ng buwis para sa paggawa ng mga empleado ng lunsod.

Sa ilalim ng sistemang ito, ang Alkalde at mga miyembro ng Konseho ay nagbawas sa mga kakulangan ng lunsod, nagtaas ng antas ng pananagutan, at nagbigay ng mga pagsusuri at pagbalanse upang hindi maulit ang mga nakaraang pagkakamali. Ngunit ang sistema ng Malakas na Alkalde ay awtomatikong matatapos hangga't hindi mabigyan ang mga botante ng pagkakataong gawin itong permanente. Ang Proposisyon B ay nagbibigay sa iyo ng karapatang magpasiya.

### MAGDAGDAG NG ISANG BAGONG MIYEMBRO NG KONSEHO

Sa ngayon may walong mga distrito ng konseho. Ito ay maaring magbunga ng pantay na mga boto, magreresulta sa mga pagsiksikan at pagkaantala para sa mga reporma at iba pang mga mahahalagang usapin.

Ang Proposisyon B ay nagpapahintulot sa mga botante na magpasiya sa 2010 kung dapat tayong magdagdag ng ikasiyam na distrito upang tigilan ang mga pagsisiksikan sa Bulwagang Panglunsod (City Hall) at magbibigay sa mga kapitbahayan ng isang mas malakas na boses sa mga pagpapasiya.

### MAKADAHILANG PAGBETO NG ALKALDE SA KAPANGYARIHAN NG KONSEHO

Kapag hindi umayon ang Alkalde sa Konseho, maari niyang ibeto ang kanilang pasiya.

Sa kasalukuyan, ang Saligang Batas ay nangangailangan ng parehong limang mga boto ng Konseho para pawalang saysay ang isang beto tulad ng dating unang kinailangan upang aprubahan ang parehong aksiyon ng Konseho ng Lunsod.

Ang Proposisyon B ay mangangailangan ng 2/3 boto ng konseho upang pawalang saysay ang isang beto ng Alkalde kapag ang Konseho ay umabot sa siyam na mga miyembro. Ito ang parehong pag-aatas na nasa Kongreso ng U.S., mga Lehislatura ng Estado, at maraming mga lunsod.

Mangyaring bumoto ng "Oo sa B" upang pahintulutan ang mga botante na magpasiya tungkol sa ating pangkinabukasang porma ng gobyerno.

LORENA GONZALEZ
Sekretarya-Tesorero,
Konseho ng Paggawa ng mga County ng San Diego-Imperial

MIYEMBRO NG KONSEHO JIM MADAFFER
Presidente,
Liga ng mga Lunsod ng California

DUANE J. ROTH
Miyembro,
Komite ng Pagrerepaso ng Saligang Batas

GLEN W. SPARROW
Propesor Emeritus,
Paaralan ng mga Gawaing Pampubliko, SDSU

ADRIAN S. KWIATKOWSKI
Presidente, Malakas na Alkalde-Instituto ng Konseho

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON B

Walang pangangatwiran laban sa proposisyon ang itinala sa opisina ng Klerk ng Lunsod.

# IMINUNGKAHING SUSOG SA SALIGANG BATAS

Ang mga bahagi ng saligang batas na idadagdag ay sinalungguhitan.

**Seksyon 255: Petsa ng Pamamalakad; Takipsilim ng Artikulo; Aksiyong Panghinaharap ng mga Botante**

(a) Ang petsa para sa mga pagtatakda ng Artikulong ito na magkaroon ng bisa ay Enero 1, 2006.

(b) Pagkatapos ng Enero 1, 2006, ang mga pagtatakda ng Artikulong ito ay mananatiling may saysay sa panahon ng limang taon (hanggang Disyembre 31, 2010) kung saang panahon ang Artikulong ito ay awtomatikong mapapawalang saysay at aalisin sa Saligang Batas. Subalit, ang Konseho at ang mga tao ay naglalaan ng karapatang magmungkahi ng mga pagsusog sa Saligang Batas sa eleksiyon ng Nobyembre 2010 o mas maaga upang pahabaan, gawing permanente, iksian o pawalang saysay ang panahon ng bisa ng Artikulong ito at upang pag-isipan ang pagparami sa mga distrito ng Konseho sa siyam sa panahon ng susunod na muling paghahati-hati ng distrito ng Konseho ng Lunsod na sumusunod sa pambansang sensong pansampung taon sa 2010.

(c) Upang matiyak na ang mga tao ay magkaroon ng pagkakataong pag-isipan ang pagiging permanente ng Artikulong ito bago ito awtomatikong pawawalang saysay, sa eleksiyon ng Hunyo 2010, ang Konseho ng Lunsod ay maglalagay ng isang panukala sa balota para imungkahi ang mga pagsusog sa Saligang Batas upang gawing permanente ang Artikulong ito sa Enero 1, 2011; damihan ang bilang ng mga distrito ng Konseho sa siyam sa panahon ng susunod na muling paghahati-hati ng distrito ng Konseho ng Lunsod na sumusunod sa pambansang sensong pansampung taon sa 2010; at damihan ang bilang ng mga boto ng Konsehong kakailanganin upang pawalang saysay ang isang beto ng alkalde sa isang ordinansa o resolusyon sa isang dalawa't-ikatlong mayoriya ng Konseho, na ang naturang pagparami ay magsisimula sa naturang panahon na ang pangsiyam na miyembro ng Konseho ay ibinoto at ginawang karapat-dapat.